



Halalan sa Saskatchewan
#301-3303 Hillsdale Street
Regina SK S4S 6W9

Pagiging Nararapat ng Botante

Para bumoto sa probinsiyal na halalan sa Abril 4, 2016, dapat ikaw ay:

- Isang mamamayan ng Canada;
- Hindi mas bata sa 18 taong gulang;
- Tumira sa Saskatchewan ng hindi bababa sa anim na buwan bago tawagin ang araw ng halalan.

Kung hindi ka makatanggap ng **Voter Information Card (VIC)** sa pagsapit ng Marso 18, maaari kang **magrehistrong bumoto** sa elections.sk.ca/voterregistration, o **tumawag sa amin sa 1-877-958-8683**.

Pinapakita sa ibaba ang halimbawa ng **VIC**.

Pagboto ng mga mag-aaral o militar na tauhan

Ang mga residente ng Saskatchewan na nag-aaral ngayon sa labas ng probinsiya ay nararapat bumoto, pati ang mga mag-aaral mula sa labas ng probinsiya na nag-aaral ngayon sa Saskatchewan.

Ang mga aktibong miyembro ng Canadian Forces at pamilya nilang mula sa Saskatchewan na naninilbihan sa labas ng probinsiya ay maaaring bumoto. Ang mga aktibong miyembro ng Canadian Forces at pamilya nila mula sa labas ng probinsiya na kasalukuyang naninilbihan sa Saskatchewan ay nararapat ding bumoto.

Tingnan ang elections.sk.ca para sa karagdagang impormasyon kung paano bumoto.

		This Voter Information Card (VIC) is for:	If this information is not correct, update it online at: elections.sk.ca or call: 1-877-958-8683.
		John Sample 4321 Long Street P.O.Box 123	
Bring this Voter Information Card and ID with you to vote.			
Constituency:	Name Goes Here		
Polling Division:	Poll Number Goes Here		
Advance Voting Days You may vote at any one of the following locations on these dates and times			
Tuesday March 29, 2016	Saskatoon Silver Spring Willow Grove		
Wednesday March 30, 2016	Little Red River First Nation, Little Red River First Nation/Montreal Lake First Nation		
Thursday March 31, 2016	St. Angela School		
Friday, April 1, 2016	Little Red River First Nation, Little Red River First Nation/Montreal Lake First Nation		
3 p.m. to 10 p.m. CST	Brownell School		
	247 Russell Road, Saskatoon		
Saturday, April 2, 2016	Silverwood Heights School		
Noon to 7 p.m. CST	Little Red River First Nation, Little Red River First Nation/Montreal Lake First Nation		
	Brownell School		
	247 Russell Road, Saskatoon		
	Brownell School		
	247 Russell Road, Saskatoon		
	St. Angela School		
	302 Russell Road, Saskatoon		
Election Day You vote at: See elections.sk.ca for Election Day location accessibility			
Monday, April 4, 2016	Martensville High School		
9 a.m. to 8 p.m. CST	Little Red River First Nation, Little Red River First Nation/Montreal Lake First Nation		

Ang Araw ng Halalan ay sa Abril 4, 2016

Kailan, saan at paano boboto sa 2016 ng Probinsiyal na Halalan sa Saskatchewan

Mga Mahahalagang Petsa

Mga Dinagdag at Itinama

Marso 22 – Deadline para i-update ang sarili mong impormasyon sa listahan ng mga botante

Marso 23 – Deadline para mailagay sa listahan ng mga botante.

Bumoto sa Pamamagitan ng Mail

Marso 28 – Deadline sa pagsumite ng aplikasyon sa balota ng absentee.

Abril 4 – Ang Mga Balota ng Absentee ay dapat may tatak ng koreo na hindi lalagpas sa Abril 4, 2016.

Homebound na Pagboto

Marso 28 – Deadline sa pag-book ng appointment para sa homebound na pagboto

Marso 29 to Abril 2 – Mga appointment para sa homebound na pagboto.

Advanced na Pagboto

Sinumang nararapat na botante ay maaaring bumot bago ang araw ng halalan:

Marso 29 hanggang Abril 2

Araw ng Halalan

Abril 4, 9 a.m. hanggang 8 p.m. CST

Dito magsisimula ang kinabukasan.

Para padaliin at pabilisin ang karanasan mo sa pagboto, dalhin ang iyong **Voter Information Card (VIC)** sa pagboto. Ang iyong **VIC** ay kasama sa paketeng ito.



Mga paraan ng pagboto

Bumoto ng maaga

Ang maagang pagboto ay mula Marso 29 hanggang Abril 2. Makakaboto ka sa anumang lokasyon ng maagang pagboto sa iyong konstituyensya sa isa sa mga limang araw na ito. Tingnan ang iyong **VIC** para sa mga lokasyon ng pagboto. Huwag kalimutang magdala ng ID.

Ang oras ng maagan pagboto ay:

Marso 29 hanggang Abril 1, 3 p.m. hanggang 10 p.m. CST
Abril 2, tanghali hanggang 7 p.m. CST

Bumoto sa araw ng halalan

Ang araw ng halalan ay Abril 4, ang huling araw ng pagboto. Lahat ng lugar ng pagboto sa buong Saskatchewan ay bukas mula 9 a.m. hanggang 8 p.m. CST

Nakasaad sa iyong **VIC** kung saan ka boboto. Dalhin ang iyong **VIC** para gawing mas madali at mas mabilis ang karanasan mo sa pagboto. Huwag kalimutang magdala ng ID.

Bumoto sa ospital

Kung pasyente ka sa Abril 4, makakaboto ka sa ospital kung nasaan ka, kahit na hindi mo ito tunay na konstituyensya.

Bumoto sa tahanan mo

Kung nasa bahay ka dulot ng kapansanan, maaari kang makipag-ayos na mapuntahan ng manggagawa ng halalan sa bahay mo upang ikaw at ang tagapag-alaga mo, kung nararapat ay makapaghulog ng balota. Ang pagboto sa bahay ay magagawa mula Marso 29 hanggang Abril 2. Makipag-ugnayan sa lokal na returning office bago ang Marso 28 para maktakda ng appointment. Makakahanap ka ng listahan ng mga returning office sa aming website o sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-877-958-8683.

Bumoto sa pamamagitan ng mail

Kung malayo ka sa iyong konstituyensya sa halalan o kung mas kumbinyente, maaari ka pa ring bumoto sa pamamagitan ng mail o sa lokal mong returning office.

Para sa karagdagang impormasyon at kung paano bumoto sa pamamagitan ng mail, tumawag sa 1-877-958-8683 o bumisita sa elections.sk.ca.

Umaasa kami sa iyong paglahok sa paparating na halalang probinsiyal.

Dr. Michael Boda
Chief Electoral Officer
Probinsiya ng Saskatchewan

Ang Araw ng Halalan ay sa Abril 4, 2016

Kailangan mo ng ID para bumoto

Pinatutunayan ng ID na ito ang iyong pagkakakilanlan (pangalan) at ang iyong address. May tatlo kang opsyon:

1. Lisensiya sa pagmamaneho o ibang ID na bigay ng pamahalaan na mayroong iyong pangalan, litrato at address. Ito dapat ay ang iyong sibiko/tirahang address, legal na pagsasalarawan ng lupa, lote/bloke/plano o First Nation na reserve.
2. Magpakita ng dalawang piraso ng ID, ang dalawa ay dapat mayroong iyong pangalan at ang isa ay dapat mayroong iyong address. Halimbawa, ang iyong health card at isang utility bill. Mayroong mahigit sa 50 matatanggap na dokumento. Nakalista sila sa likuran ng iyong **VIC** at sa elections.sk.ca/bringID.
3. Sa istasyon ng pagboto, maaari kang lumagda ng deklarasyon at ang nakarehistrong botante mula sa iyong konstituyensya, tulad ng kapitbahay o roommate, ay maaaring magpatunay sa iyo. Ang bawat tao ay maaari lang magpatunay sa isang ibang indibiduwal.

Tulong sa pagboto

Naninindigan kaming isama ang lahat ng mamamayan sa proseso ng pagboto. Lahat ng mga manggagawa sa halalan ay makakapagigay sa mga botante ng tulong sa pagboto. Pakitingnan ang iyong **VIC** para kumpirmahin ang pagiging maa-access sa iyong lokasyon ng pagboto. Kung hindi gagana para sa iyo ang maagang pagboto o sa araw ng halalan, mangyaring tingnan ang mga ibang paraan para bumoto na nakalista sa gabay na ito. Para sa higit pa tungkol sa mga opsyon sa pagboto, makipag-ugnayan sa lokal mong returning office dahil madalas ay magagawa ang mga akomodasyon kung maagang naplano.

Website:
Telepono:
Email:
Twitter:

elections.sk.ca
1-877-958-8683
info@elections.sk.ca
[@ElectionsSask](https://twitter.com/ElectionsSask)